Translated by Analiza Cepillo Bueno - Illustrazioni e grafica di Barbara De Masi, Alessia Buffone e Sarah Pennisi

www.asplazio.it
www.osservatorionazionalescreening.it

LAZIOSANITÀ
AGENZIA DI SANITÀ PUBBLICA

REGIONE LAZIO

Gabay sa Paghadlang sa cancer

screening femminile

Sreening program tungkol sa tumor ng mga kababaihan

paghadlang ng tumor sa cervix o sipit-sipitan

Bawat babae mula edad 25 hanggang 64 ay may karapatang magpa-Pap-test tuwing tatlong taon.

Ang screening test ay upang hadlangan ang tumor sa sipit-sipitan sa pamamagitan ng Pap-test, ito'y pagkuha ng sample cells sa cervix, hindi ito masakit at ang nagsasagawa nito ay isang kwalipikadong midwife sa loob lamang ng minuto.
Ang kinuhang sample ay ilalagay sa isang maliit na bote at pag-aaralan sa pamamagitan ng microscope (cytology test).

Disposable ang materyales na gagamitin.
Kung minsan kinakailangang ulitin ang pagkuha ng sample sa dahilang teknikal (kulang ang sample at may kahalong dugo) o sapagkat namamaga ang pagitan ng vagina at cervix, ito'y nagiging dahilan ng pagpigil sa pagsusuri ng sample.
Ang Pap-test ay ginagawa upang makita ang pagbabago ng cervical cells at maiwasan ang pagkakaroon ng gynecological diseases.

Ipinapaalala na:
- ang Pap Test ay maaaring gawin makalipas ang tatlong araw na matapos ang regla
- hindi dapat gumamit ng mga suppositories, krema o artipisyal na panghugas sa loob ng tatlong araw bago isagawa ang test.
- iwasan ang pakikipagtalik sa loob ng 48 oras bago ang magpapap-test
- puwedeng magpapap-test sa panahon ng pagbubuntis.

makipag-ugnayan sa:

Munisipyo sa Roma

AZIENDA ASL ROMA A
Screening program sa tumor sa suso at sipit-sipitan
- toll free number: 800.334.900
- lunes-biyernes: 8.00-17.00

AZIENDA ASL ROMA B
Screening program sa tumor sa suso at sipit-sipitan
- toll free number: 800.543.900
- lunes-biyernes: 8.30-17.30

AZIENDA ASL ROMA C
Screening program sa tumor sa suso at sipit-sipitan
- toll free number: 800.405.051
- lunes-biyernes: 8.00-18.00

AZIENDA ASL ROMA E
Screening program sa tumor sa suso at sipit-sipitan
- toll free number:
  - 06.68.35.33.20
  - 800.536.693
- lunes-biyernes: 8.00-17.30
  sabado: 8.00-12.30

Munisipyo sa Roma at sa Fiumicino

AZIENDA ASL ROMA D
Screening program sa tumor sa suso at sipit-sipitan
- toll free number: 800.634.634
- lunes-biyernes: 8.30-18.00

Probinsya ng Roma

AZIENDA ASL ROMA F
Screening program sa tumor sa suso at sipit-sipitan
- toll free number: 800.539.762
- lunes-biyernes: 09.00-13.00

AZIENDA ASL ROMA G
Screening program sa tumor sa suso
- toll free number: 800.084.986
- lunes, miyerkules, biyernes: 9.30-12.30
- martes, huwebes: 14.30-17.30

Screening program sa tumor sa sipit-sipitan
- toll free number: 800.043.355
- lunes, miyerkules, biyernes: 9.30-12.30
- martes, huwebes: 14.30-17.30

AZIENDA ASL ROMA H
Screening program sa tumor sa suso
- toll free number: 800.430.264
- lunes-biyernes: 15.00-18.30

Screening program sa tumor sa sipit-sipitan
- toll free number: 800.160.622
- lunes-biyernes: 15.00-18.30

Probinsya ng Viterbo

Screening program sa tumor sa suso at sipit-sipitan
- toll free number: 800.840.359
- lunes-biyernes: 9.00-13.00
- lunes at huwebes: 15.00-17.00

Probinsya ng Rieti

Screening program sa tumor sa suso at sipit-sipitan
- toll free number: 800.646.999
- lunes-biyernes: 11.00-13.00

Probinsya ng Latina

Screening program sa tumor sa suso at sipit-sipitan
- toll free number: 800.065.560
- lunes-biyernes: 9.00-13.00

Probinsya ng Frosinone

Screening program sa tumor sa suso at sipit-sipitan
- toll free number: 800.003.422
- lunes-biyernes: 9.00-13.00

Ang Paghadlang ay Magagawa

- Ang test ay walang bayad at hindi nangangailangan ng riseta mula sa dokto.
- Mahalagang dalhin sa araw ng check-up ang resulta ng huling test kung nagsagawa nito.
- Bukod sa Pap-test at mammography, ang anumang pagsusuri at therapeutic theraphy ay walang bayad.
- Maaaring humiling ng psychological support sa diagnostic-therapeutic process.
- Maaaring mag-request ng sertipikasyon bilang patunay ng pagliban sa trabaho.
- Alamin ang bilang ng check-up na walang garantiyang proteksyon.

Ang pagsasagawa ng mammography kada dalawang taon, ang mga babaing may edad na 50 hanggang 69 ay makakatulong sa pagbaba hanggang 35% sa panganib na mamatay dahil sa breast cancer

Ang Pap-test kada tatlong taon ay naglalayon na pababain ang posibleng cervix cancer hanggang 88% at ang panganib na mamatay sa sakit na tulad nito ay maaaring mawala.

Maagang pag-agap sa breast cancer

Bawat babae na nasa edad 50 hanggang 69 ay may karapatang magpamammogram tuwing ikalawang taon

Ang screening test para sa maagap na pagsusuri sa tumor sa suso ay ang mammography, breast X-ray na isinasagawa sa pamamagitan ng dalawang projections sa bawat isang suso.
Ito ay ang epektibong pagsusuri upang maagap na makita ang tumor sa suso dahil dito ay malalaman na ang maliliit na lesions ay hindi magiging dahilan ng disturbo. Sa ganitong paraan, may posibilidad na mamuhay ng matagal at makapagpagamot ng maayos.
Ang check-up ay isinasagawa ng kwalipikadong X-ray technician.
Ilan sa mga kababaihan na nagsasagawa ng eksamin ay nakakaranas ng sandaling disturbo. Ang hypothetical risk dahilan sa X-ray ay hindi makakagambala at mas magpa-iingatan ang tamang pamamaraan sa paghadlang.

Bigyan ng halaga ang anumang pagbabago sa suso at ugaliin ang pagmasahe sa suso at utong. Kung may pagbabago, ipinapayo na makipag-ugnayan agad sa tanggapan ng Screening o sa inyong Doktor.

pamamaraan ng screening

upang hadalangan ang tumor sa
sipit-sipitan at sa suso

Ang cancer ay maaaring isang silent killer ang pag-iingat ay ang armas na panlaban



Mahalagang magsanay sa pagsagawa ng check-up, sa ganitong paraan lamang maaaring maging epektibo ang paghadlang sa tumor.

sino ang may karapatan nito?

Ang Screening ay programa ng pampublikong kalusugan wala itong bayad para sa mga babaing may edad na 25 at 64 upang hadlangan ang tumor sa sipit-sipitan at mula edad 50 at 69 naman para hadlangan ang tumor sa suso.

ang test

Sa paraang ito, isasagawa ng pagsusuri: Ito ay ang Pap-test at mammography. Kung kinakailangang ulitin ang test Ikaw ay tatawagan sa telepono.

Malalim na pagsusuri

Sakaling may nakitang problema sa test, iimbitahan ang pasyente sa pumunta sa sentrong kwalipikado (Centro di screening di II livello) upang isagawa ang mas malalim na pagsusuri.
Ang staff ng sentro ay tatawagan ka ng personal upang ipaalam ang iyong appointment at resulta ng eksamin.

paano sumali

Tatanggap ang isang babae ng invitation letter mula sa Asl na matatagpuan sa lugar ng kaniyang tirahan, maaaring pumunta sa clinic o tumawag sa toll free number ng screening sa Asl upang kumuha ng appointment.

paraan ng pagpapagamot

Sakaling sa pagpapagamot ay may nakitang problema, ang screening center sa II level ay magbibigay ng garantiya sa paraan ng pagpapagamot kung saan ay may siguradong asistensya; maaari din mamili ng ibang sentro ang pasyente na kaniyang pinagkakatiwalaan.

ikaw ay may karatapang sumali sa screening program